Na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi: Kapag nakita ninyo ang sinumang magbinta at mamili sa loob ng Masjid,sabihin ninyong:Naway Hindi kapakinabangan ni Allah ang pagtitinda mo,at kapag nakita ninyo ang sinumang nag-aanyaya rito ng pagkaligaw,sabihin ninyong: Naway hindi ito tugunan ni Allah sa iyo.

Ayon kay Abe Hurayrah-malugod si Allah sa kanya-Na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi: Kapag nakita ninyo ang sinumang magbinta at mamili sa loob ng Masjid,sabihin ninyong:Naway Hindi kapakinabangan ni Allah ang pagtitinda mo,at kapag nakita ninyo ang sinumang nag-aanyaya rito ng pagkaligaw,sabihin ninyong: Naway hindi ito tugunan ni Allah sa iyo.
[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Nagsabi ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:(Kapag nakita ninyo ang sinumang magbinta o mamili) ibig sabihin ay: namimili (sa loob ng Masjid): at ang pagbura sa ginagawan ay nagpapatunay ng pangkalahatan,kaya`t nasasakop nito ang lahat ng nagbibinta at bumibili.Sinuman ang nasa ganitong kalagayan,tunay na pinatnubayan siya-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-na magbigay babala at sabihin sa kanilang dalawa-ang nagtitinda at ang namimili-sa pamamagitan ng pagsasalita na hayag (Naway Hindi kapakinabangan ni Allah ang kalakalan mo) bilang panalangin sa kanya,ibig sabihin ay: Naway hindi gawin ni Allah na sa iyong kalakalan ay may tubo at pakinabang,at dito ay may palatandaan at pagpapatunay sa Sinabi Niya-Pagkataas-taas Niya:{Kayat sa kanilang kalakal ay walang kapakinabangan}[Al-Baqarah;16],at kahit na sabihin sa kanilang dalawang magkasama:Naway hindi kapakinabangan ni Allah ang kalakalan ninyong dalawa,ay maaari dahil sa pagkamit ng layunin.At ang paliwanag sa pagbibigay babala na ito,ay dahil sa ang Masjid ay tindahan para sa kabilang buhay kayat sinuman ang sumalungat nito at gawing tindahan sa Mundo,mararapat sa kanya dahil sa ginagawa niya na maging talunan at pagbawalan;blang gantimpala sa kanya sa pagsalungat niya sa layunin niya,at bilang pananakot at pagbibigay babala sa mga tulad ng ginawa niya,kinamumunghian ito sa Masjid bilang pagdalisay.